

Semantikal na Elaborasyon ng Salitang “Communicable Disease” sa Panahon ng Pandemya

Jeremiah Victoria T. Dimasacat, Jeffrey Louis V. Din, Chelsea Angela M. Domingo, Aleyah Zoe Hannah R. Dumayag, Chelsea A. Dural, Jonathan Josh H. Duran, Mary Martie L. Durana, Justine Denyll P. Elazegui, Rhon Silhouette Louise G. Empaynado, at Shanaine Neve A. Escal
Unibersidad ng Santo Tomas

Ian Mark P. Nibalvos
Samar State University

ABSTRAK

Bitbit ng mga salita ng isang wika ang mga halagahan, karanasan, at mga pananaw na nagpapahiwatig ng kulturang lumikha dito. Sa panahon ng COVID 19, maraming salita ang lumaganap kaugnay ng pandemya. Mayroong mga salitang higit na nagagamit upang maipatupad ang iba't ibang patakaran upang maiwasan ang pagkalat ng *virus*. Mahalaga ang paggamit ng mabisang wika bilang isa sa mga kasangkapan ng komunikasyong pangkrisis upang matiyak ang kaligtasan ng mga mamamayan sa pagharap ng krisis panlipunan. Isa sa mga salitang ito ang *communicable disease* o nakahahawang sakit, ang katangian ng virus na nagbubunga ng malaking problema sa publikong kalusugan sa bansa. Layunin ng pag-aaral na maimapa ang iba't ibang kahulugan ng salitang *communicable disease* upang mailarawan ang lawak ng elaborasyon ng terminong ito bilang isang konseptong Pilipino lalo na sa panahon ng pandemya. Isa itong kalitatibong pag-aaral na gumamit ng tatlong lapit sa pagpapakahulugan ng termino: 1) denotasyon mula sa mga panlahat na diksiyonaryo 2) etimolohiya para sa kasaysayan at ebolusyon ng kahulugan ng termino 3) mga diskurso mula sa mga komunidad pangwika gaya ng biyolohiya, kalusugan, ekolohiya, sosyolohiya, at ekonomiya at 4) mga simbolikal na kahulugan salita dulot ng pandemya mula sa aspektong pampolitika, pang-ekonomiya, pansosyolohiya, at pangmidya.

Mga Mahahalagang Konsepto: *Komunikasyong Pangkrisis, Intelektuwalisasyon, Kalusugang Pampubliko, Narsing, Saliksik-wika*

INTRODUKSIYON

Sa pagkalat ng sakit na COVID -19 sa buong mundo, nakita natin ang kahalagahan ng pagpapakalat ng impormasyon upang maiwasan ang pagkakahawa sa sakit at upang masugpo ang pagkalat nito o ang pagtaas ng bilang ng mga kaso ng pagkakahawa. Hindi lamang ang pagpapaabot ng impormasyon sa lahat ang nakitang solusyon ng mga kinaaukulan kundi pati na rin ang epektibong pagkaunawa sa mga ito gamit ang wika ng mga mamamayan sa iba't ibang bahagi ng mundo. Kaya naman, nagsumikap ang ilang mga eksperto sa pagsasalin na isalin ang mga ipinakakalat na impormasyon sa iba't ibang mga wika lalo na ang ilang mahahalagang salita tulad ng *lockdown*, *quarantine*, *virus*, *physical* o *social distancing*, *swab test*, at marami pang iba. Sa Pilipinas, naisalin ang mga tekstong may kinalaman sa sakit na COVID-19 at pati na rin ang ilang mga paalala, babala, at mga pamamaraan kung paano ito maiiwasan sa mga pangunahing wika sa bansa at maging sa ilang diyalekto. Pagdidiin ni Domingo, "...kinakailangan ng mga Pilipino ang akses sa tamang impormasyon mula sa mga ekesperto upang maisagawa ang tamang gawain upang maprotektahan ang bawat isa." Dagdag pa niya, "ang pagkakaroon ng kolektibong pag-unawa ng sambayanan hinggil sa krisis pangkalusugan ang isang mahalagang lunas" (Domingo). Ang wika sa kahit na ano pang uri ng krisis ay mabisang kasangkapan upang labanan ang mga di-magagandang dulot nito.

Komunikasyong Pangkrisis at Intelektuwalisasyon ng Filipino

Isa sa mga patunay na ng halaga ng paggamit ng wikang Filipino bilang wika ng mataas na antas na karunungan ang paggamit dito sa pambansang komunikasyon sa panahon ng pandemya. Karamihan sa mga teknikal na salita ay hiniram nang buo mula sa Ingles gaya ng *social distancing*, *physical distancing*, *quarantine*, *contact tracing*, *testing*, *virus*, (kabilang ang mga salitang ito sa "Salita ng Taon 2020" na isang patimpalak na inoorganisa ng Filipinas Institute of Translation [FIT]). Patunay ang ganitong mga gawain ng pag-arangkada ng wikang Filipino bilang *lingua franca* at bilang wika sa mga usaping intelektuwal. Paglalahad ni Torres-Yu (246), "[a]ng tunay na intelektuwalisasyon ay nangyayari kapag ang wikang Filipino ay gagamitin ng [P]ilipinong intelektuwal at iskolar sa pag-iisip at pagbuo ng kaisipan, kaalaman, at karunungang hinango sa karanasan ng mga [P]ilipino at nakatuntong sa katutubong tradisyong intelektuwal."

Isang natatanging larang pangwika ang komunikasyong pangkrisis. Ayon kina Coombs at Holliday (20), ito ay "[t]he collection, processing, and dissemination of information required to address a crisis situation." Nakatuon ito sa pagtugon sa maaaring mga negatibong dulot ng krisis sa pamamagitan ng pagpapakalat o pagpapaabot ng impormasyon sa mga tao. Kaligtasan ng bawat isa ang pangunahing layunin nito na sa paglalahad ni Spradley (1), ito ay "...usefully viewed as a series of communicative practices

and processes that seek to foster safety and organization stability when normal operations are challenged by crisis." Kinikilala nito ang mahalagang gampanin ng wika upang harapin ang mga hamon ng krisis at sa pamamagitan ng epektibong talastasan at ugnayan ay maaabot ang katatagan ng mga tao sa isang pamayanan at nang muling maipagtuloy ang ilang mahahalagang gawain tulad ng paghahanapbuhay.

Sa larang ng kalusugan at medisina, pangunahing gampanin ng mga doktor, nars, *midwife*, na ibigay sa publiko ang mga nararapat na impormasyong magdudulot sa kanila ng kaligtasan sa panahon ng krisis pangkalusugan tulad ng pandemya. Ito ang tungkulin ng pampublikong kalusugan na nangangahulugan bilang isang agham at sining ng pagtataguyod at pagprotekta sa kalusugan at kabutihan, pag-iwas sa paghina ng kalusugan, at pagpapahaba ng buhay sa pamamagitan ng organisadong pagsisikap ng lipunan ("*Good public health practice framework short guide 2*" 2). Ang pampublikong kalusugan ay binubuo ng tatlong *domain*: pangangalaga sa kalusugan, pag-iwas sa sakit, at promosyon sa kalusugan. Ang pagiging maalam sa kaalamang pangkalusugan ay may kahalagahan sa pag-iwas at pagkontrol sa mga *communicable disease*. Samakatuwid, ang kaalaman ukol sa nakahahawang sakit at mga salik panlipunang nakakaapekto rito ay inaasahang makapagbubunga at makapagtataguyod ng mga naaangkop na pag-uugali o pagkilos ng mga Pilipino tungo sa pag-iwas at pagkontrol sa nakahahawang sakit. Sa pag-unawa sa mga ito, mapagtatanto na ang mga nakaiimpluwensiya sa *communicable disease* ay hindi lamang umiikot sa mga kadahilanang medikal ngunit sa iba't iba ring mga sanhi. Ang kahalagahan sa pagtataguyod ng tatlong *domain* ng kalusugan bilang tugon sa mga hamon na dulot ng mga *communicable disease* ay makikita sa mga *health inequities* o ang hindi patas na mga pagkakaiba sa kalagayan ng kalusugan ng mga tao na nagreresulta sa kakulangan o kahinaan sa pagpapatupad ng mga ito. Kung kaya mahalaga ang mga *domain* na ito sapagkat ang tama at naaangkop na pagtugon sa mga salik panlipunan ay isang pangunahing tungkulin para sa pagpapabuti ng kalusugan. Matutugunan din nito ang matagal nang hindi patas na distribusyon ng mga benepisyo pagdating sa kalusugan na nangangailangan ng aksiyon mula sa iba't ibang sektor ng lipunan.

Mahalaga ring maunawaan ang epekto ng mga salik panlipunan sa karanasan ng mga taong nagka-COVID-19 dahil ang pandemyang ito ay higit na nakaapekto sa mga grupong nakatatanggap ng diskriminasyon at kawalan ng katarungan. Tumataas ang panganib sa kalusugan at ang pagkakaroon ng hindi pantay na distribusyon ng kita dahil sa mahina at mapagsamantalang kondisyon sa pagtatrabaho at pamumuhay. Makikita ring hindi sapat at mayroong mga kakulangan sa pagbibigay ng suporta sa mga tao lalo na sa pagtugon sa krisis. Nagsamantala ang ilang awtoridad sa kanilang posisyon upang labagin ang mga karapatang sibil at pantao.

Hindi lamang problemang pangkalusugan ang pandemya sapagkat ito ay isang problemang panlipunan din. Halimbawa, ang populasyong naninirahan sa kahirapan at sa mga lugar na masikip at walang maayos o maruming lugar ay mas higit na naapektuhan ng mga nakahahawang sakit kung kaya't mas kailangang bigyan ng karagdagang tulong at atensiyon. Mahalaga ito lalo na sa mga oras ng paglaganap ng mga nakahahawang sakit dahil ang mga bulnerableng populasyon ang mas natatamaan ng mga malubhang karamdaman. Tuluyang inilantad ng pandemya ang matagal nang suliraning panlipunan-ang hindi pagkakapantay-pantay sa pagkakaroon ng access sa mahusay na serbisyong pangkalusugan tulad ng pagkakaroon ng hindi maayos na kalagayan sa trabaho, paglaki ng diperensiya sa ekonomiya, at ang hindi demokratikong pamamahala ng ilang politiko sa gobyerno.

Sa madaling salita, hindi man tuwirang may kaugnayan ang mga salik panlipunan sa mga teknikal na konseptong medikal ngunit nakaiimpluwensya pa rin ito sa estado ng kalusugan ng bansa. Sakop nito ang mga kondisyon kung saan ang isang tao ay ipinanganak, lumaki, nagtrabaho, nabuhay, at tumanda. Kasama na rito ang mas malawak na hanay ng iba't ibang puwersa at sistemang humuhubog sa mga kondisyon ng pang-araw-araw na buhay ng tao ("Social Determinants of Health"). Kabilang sa mga puwersa at sistemang ito ay ang sistemang pampolitika at pang-ekonomiya, mga salik sosyolohikal, at ang impluwensiya ng midya.


Dahil sa mga nakahahawang sakit na patuloy na lumalaganap sa bansa tulad na lamang ng *leptospirosis*, *dengue*, *meningococemia*, at *tuberculosis*, bumuo ang DOH ng programang nakatuon sa pag-iwas at pagkontrol ng mga sakit na ito. Ito ang tinatawag na "*Emerging and Re-Emerging Infectious Disease (EREID) Program*." Sa pagtagal ng paglaganap ng *coronavirus*, nagkakaroon ng iba't ibang *variant* o uri ng *virus* na mas nakahahawa at mas mahirap gamutin. Hindi man partikular na nakadiseno para sa COVID-19 ang EREID program, makatutulong pa rin ito sa pagsugpo sa pandemya sapagkat layunin nitong magpatupad ng isang matatag na sistemang pangkalusugan na may kakayahang umiwas, tumukoy, at tumugon sa mga hadlang sa kalusugang dulot ng mga nakahahawang sakit. Upang makamit ang mga nabanggit na layunin, pati na rin ang pagpapababa sa *case fatality rate* o bilang ng mga taong namatay dahil sa sakit, mayroong pitong estratehiya ang programa ("Emerging and Re-emerging"): 1. pagbuo ng mga patakarang; 2. epektibong pangangasiwa ng mga mapagkukuhanan ng mga pangangailangan; 3. Ang pagkakaugnay-ugnay o koneksiyon ng mga pasilidad sa *health service delivery system*; 4. pagbuo ng pangkat ng mga dalubhasang propesyonal sa larang ng kalusugan; 5. maayos na sistema ng pagkuha at pamamahagi ng mga pangangailangan; 6. epektibong sistema ng pagbabantay o pagtukoy sa mga sakit upang mabantayan at

maiwasan ang pagkalat nito; at 7. mga adbokasiya na magbibigay kaalaman sa publiko ukol sa mga nakahahawang sakit.

Kaugnay ng nabanggit, dahil wika ang daluyan at hanguan ng kultura, isang mahalagang paksa sa pagsusuri ng kulturang Pilipino sa panahon ng pandemya ang mga terminong higit na naging matinkad sa yugtong ito ng ating karanasang panlipunan, gaya ng *communicable disease*.

Layunin ng pag-aaral na maimapa ang iba't ibang kahulugan ng salitang *communicable disease* upang mailarawan ang lawak ng elaborasyon ng terminong ito bilang isang konseptong Pilipino lalo na sa panahon ng pandemya. Isa itong kalitatibong pag-aaral na gumamit ng tatlong lapit sa pagpapakahulugan ng termino: 1) denotasyon mula sa mga panlahat na diksyonaryo 2) etimolohiya para sa kasaysayan at ebolusyon ng kahulugan ng termino 3) mga diskurso mula sa mga komunidad pangwika gaya ng biyolohiya, kalusugan, ekolohiya, sosyolohiya, at ekonomiya at 4) mga simbolikal na kahulugan salita dulot ng pandemya mula sa aspektong pampolitika, pang-ekonomiya, pansosyolohiya, at pangmidya. Tingnan ang dayagram para sa mas malinaw na pagsipat sa sakop at tunguhin ng pag-aaral.

Larawan 1. Iba't ibang konsepto ng salitang *communicable disease* ayon sa kontekstong Pilipino sa panahon ng pandemya



Ang ilustrasyong makikita sa taas ay naglalarawan sa konsepto ng pag-aaral tungkol sa pinagmulan ng salitang *communicable disease* tungo sa gamit nito sa konteksto ng karanasan ng mga Pilipino. Tinutukoy ng unang bahagi ang etimolohiya at denotasyon ng salita sa larang ng medisina kung saan tinalakay ang pinagmulan ng salitang ito. Sa ikalawang bahagi, tinalakay nito ang salitang *communicable disease* sa iba't ibang komunidad pangwikang nabanggit o pang-akademiko tulad ng biyolohiya, kalusugan,

ekolohiya, sosyolohiya, at ekonomiya. Samantala, sa ikatlong bahagi, binibigyang pansin naman ang iba't ibang salik panlipunan at mga karanasan ng mga Pilipino tungo sa salitang *communicable disease*. Simbolikal ang pagpapakahulugan na ito na may kaugnayan sa aspektong pampolitika, pang-ekonomiya, pang-sosyolohiya, at pang-midya.

Sa pamamagitan ng pag-aaral, hinahangad ng mga mananaliksik na linawin ang mga konsepto at ugnayan ng salitang *communicable disease* mula sa larang ng medisina tungo sa mas malawak na pagpapakahulugan nito batay sa karanasan ng mga Pilipino lalo na sa panahon ng pandemya. Sa paraang ito, mas maraming tao ang mabibigyan ng oportunidad na maunawaan ang mga konseptong may kinalaman sa usaping pangkalusugan at oportunidad na aktibong makilahok sa pangangalaga ng kanilang sarili. Bukod dito, dahil mailalapat ang konsepto ng *communicable disease* sa karanasang Pilipino, mapauunlad ang larang ng narsing at ng medisina sa kabuoan sapagkat maaaring madiskubre ang mga salik na natatangi o partikular na nakaapekto sa presensya at tuluyang pagdami ng mga kaso ng nakahahawang sakit sa bansa. Dito, nakapagbibigay rin ang nasabing larang ng mga rekomendasyon sa mga kinauukulang departamento gaya ng Kagawaran ng Kalusugan o DOH na nakatuon sa pagkontrol ng mga nakahahawang sakit. Bilang resulta, maisasaalang-alang ang kultura na pinanggagalingan nila at mainam na matutugunan ang mga pangangailangan ng mga Pilipino.

Mga Denotasyon ng Communicable Disease

Bagaman laganap sa bansa ang mga nakahahawang sakit, marami pa ring Pilipino ang may kakulangan sa kaalaman tungkol dito kung kaya't marami rin ang hindi nakakukuha ng nararapat na medikal na atensiyon, at siyang nagbibigay-daan sa pagdami ng kaso ng mga nakahahawang sakit, lalo na ang COVID-19. Isang halimbawa nito ang *rally* na isinagawa ng grupong Gising Maharlika noong Setyembre 18, 2021 na nanawagang itigil ang pagsusuot ng *face mask* at pagbabakuna kontra COVID-19 dahil hindi raw ito totoo at wala umanong namamatay sa naturang *virus*. Dagdag pa, maraming Pilipino pa rin ang hindi sumusunod sa mga protokol na nararapat obserbahan sa panahon ng krisis pangkalusugan tulad ng hindi wastong pagsusuot ng *face mask* at *face shield* na siyang isa sa mga dahilan sa patuloy na paglobo ng kaso ng nabanggit na sakit. Bukod dito, ang hindi pagsunod sa *social distancing* na ipinatutupad sa iba't ibang lugar sa bansa ay makikita rin sa mga isyung kinakaharap ng mga Pilipino. Isa sa mga lumaganap na balitang naglalarawan sa nabanggit na problema ay ang *party* o pagdiriwang na isinagawa sa Camotes Island, Cebu noong Hulyo 10, 2021. Makikita sa mga larawang kumalat sa *social media* at naibalita ng midya ang pagkakadikit-dikit ng mga tao habang nagdiriwang sa nasabing lugar (Lubiano). Maaaring ang kakulangan din sa pinansiyal na pangangailangan ng mga mamamayan ang nagiging sanhi kung bakit nila nakalilimutan ang pagsunod sa

mga polisiya na ipinag-uutos ng pamahalaan upang maiwasan at kontrolin ang pagkalat ng sakit na COVID-19. Sa isa pang *superspreader event* na nangyari kamakailan lang sa Maynila noong Setyembre 27, 2021, laman ng balita ang mga senior citizen na kumuha ng kanilang buwanang ayuda mula Hulyo hanggang Setyembre na nagkakahalagang P1,500 sa Delpan Sports Complex, Tondo, Manila (Aro). Dahil dito, nagkakaroon ng pangamba sa posibleng pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa nasabing lugar dahil sa hindi pagsunod ng mga *senior citizen* sa patakaran ng DOH sa wastong pagsusuot ng *face shield* sa lugar na siksikan ang tao, pati na rin ang pagpapatupad ng *social distancing*.

Batay rito, nararapat na tukuyin muna ang denostasyon ng salitang *communicable disease* bilang tuntungan ng mas malawak pang pagpapakahulugan. Sa diksyonaryo ng Sentro ng Wika at Kultura ng Unibersidad ng Pilipinas (UP), ang salitang "*communicable*" o "*nakahahawa*" ay mayroong dalawang kahulugan. Una, ito ay maiuugnay sa medisina dahil isinasaad ito bilang "*nakapagpapakalat ng sakit*" o "*contagious*" sa wikang Ingles. Pangalawa, ito ay ang kakayahang makapagpalipat ng kulay o katangian sa iba, na maihahambing sa salitang "*impluwensiya*." Sa ikalawa, ang salitang "*sakit*" ay nabigyan ng apat na kahulugan, dalawa rito ay may kaugnayan sa medisina. Ayon dito, ang "*sakit*" sa larang ng medisina ay: (1) ang hindi kanais-nais na pakiramdam bunga ng pagkasira ng katawan at (2) ang kondisyon ng sistema o bahagi ng katawang hindi tama ang paggana dulot ng iba't ibang dahilan tulad ng kapaligiran, pagkain, impeksiyon at mga minanang katangian. Itinumbas din ito sa terminong "*pagpapakasakit*" na nangangahulugang: (3) matiyagang pagtitiis upang matamo ang isang hangarin at (4) "*pagdamay sa damdamin ng kapwa*."

Sa Merriam-Webster naman, ang *communicable disease* ay isang nakahahawang sakit na maaaring makuha sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga nahawang indibidwal o pagkakalapat ng mga likidong inilalabas ng katawan tulad ng sipon, laway, dugo, o semilya. Maaari rin itong makuha sa paghawak sa mga kontaminadong gamit o pagkain ng kontaminadong pagkain o inumin, at ang direkta o di-direktang paglapat o *disease vectors*. Halos katulad din ang isinasaad na kahulugan sa Oxford Medicine Online na ito ay isang sakit na maaaring makuha sa direkta o di-direktang transmisyon ng isang nakahahawang tagapagdala ng sakit o *infectious agent* na nanggaling sa isang nahawahang tao, hayop, o *inanimate source*. Mas espisipiko naman ang pagpapaliwanag sa larang ng medisina sa Miller-Keane Encyclopedia at Dictionary of Medicine, Nursing, and Allied Health. Batay rito maaaring maipasa sa tatlong paraan ang sakit: (1) direktang pagkalapat sa likidong inilalabas ng katawan mula sa ulcer, bukas na sugat, o sa *respiratory tract*; (2) di-direktang pagkalapat sa mga kontaminadong gamit tulad ng baso, laruan, o damit pantulog; at (3) *vectors* tulad ng mga lamok o iba pang mga insektong maaaring makapagdala ng sakit.

Ang nakahahawang sakit o *communicable disease* sa larang ng kalusugang pampubliko ay nangangahulugang isang sakit na naipapasa mula sa taong may nakahahawang sakit (*infected host*). Maaari itong maipasa sa pamamagitan ng direktang pagdikit o paghawak ng dugo o sa mga sekresyon mula sa katawan ng taong may impeksiyon. Kabilang dito ang paghalik, pakikipagtalik, at paghawak sa sekresyon mula sa ilong, lalamunan, o sugat. Sa kabilang dako, naililipat din sa ibang tao ang mga nakahahawang sakit sa di-tuwiran o paraang di-direkta tulad ng pagdikit o paghawak sa mga *fomites*, termino para sa mga bagay na kontaminado at pinamugaran na ng bakterya o *virus* (Bauman et al.). Ang pagkalat ng mga nakahahawang sakit tulad ng *dengue*, *tuberculosis*, at HIV ay isa sa mga pangunahing isyu ng kalusugang pampubliko sa Pilipinas (Famorca et al. 283), gayundin ang pandemyang kasalukuyang hinaharap, ang COVID-19.

Kasaysayang ng Terminong Communicable Disease

Isinasalaysay sa ibaba ang pinagmulan ng salitang "*communicable*" at "*disease*." Narito ang isang timeline upang makita at maintindihan ang paraan ng pagbabago ng kahulugan ng mga salitang ito sa pag-usad ng panahon.

Siglo 5 BC (500 BC-401 BC): Isinulat ni Hippocrates ang "*Corpus Hippocraticum*" o "*The Hippocratic Corpus*" na naglalaman ng pitong libro na pinamagatang "*Epidemics*" na bumuo sa pundasyon ng makabagong medisina. Tinitingnan ng *Hippocratic Corpus* ang "*disease*" o sakit bilang *imbalance* ng tao sa kapaligiran, sa natural na puwersa, o sa mga likido (*humours*) tulad ng plema, apdo, at dugo. Bagaman hindi pa ito sopistikado kumpara sa mga pamantayan ngayon, ang konseptong ito ay nagbigay ng ilang uri ng makatuwirang paliwanag upang maunawaan ang sakit at kalusugan ("*Early Concepts of Disease*").

Siglo 4 BC (400 BC-301 BC): Noong 430 BC inilathala ni Hippocrates ang librong "*Epidemics*" na pinagmulan ng *nosos*, na nangangahulugang "*disease*". Ginamit din ito ni Plato noong ika-4 siglo BC. Tumutukoy ang *nosos* sa sakit ng isip, katawan, at kaluluwa. Saklaw nito ang pisikal (tulad ng *epilepsy*) at moralidad (sikolohikal at saykayatriko) (Martin at Martin-Granel 1).

Middle Ages (400 AD -1500 AD): Sa panahong ito, may paniniwala na ang sakit ay isang parusa mula sa Diyos. Humantong ito sa *fatalism* at nagkaroon ng hadlang sa pagsisiyasat ng mga lunas. Laganap ang panghihikayat sa mga tao na umasa sa mga panalangin sa mga santo at pamahiin upang sila ay mapagaling sa kanilang sakit. Ang isang paliwanag sa kahulugan ng sakit sa diskurso ng *old Polish* ay hindi binubuo sa paghahanap ng pisikal o biological na mga sanhi nito, ngunit tumutukoy ito sa misteryoso at banal na kalooban (Krzysztofik 3).

Siglo 14 (1301-1400): Ang *dis-ease*, mula sa *Old French* at *Latin*, ay may literal na kahulugan na "*lack of ease*" o kakulangan sa ginhawa, pagkabalisa, paghihirap o pagkabahala. Pangunahing ideya ng salitang ito ang pagkakaroon ng hadlang sa malayang paggalaw. Sa pagtatapos ng ika-14 siglo, lumawak ang kahulugan nito at espesipikong tinukoy ang "*lack of ease*" bilang isang uri ng pagsama ng pakiramdam at bilang isang pangkalahatang termino para sa "*sickness*" o "*illness*" ("*The History of 'Disease,'*" def.).

Siglo 16 (1501-1600): Ginamit ang salitang "*disease*" o sakit upang tukuyin ang isang kaso ng karamdaman o mga espisipikong sakit ("*Disease,*" def.). Noong 1530s naman, nakilala ang salitang "*communicable*" bilang isang salitang nangangahulugang may kakayahang mailipat at maipasa o ayon sa *Online Etymology Dictionary*, ito ay "*capable of being imparted or transferred*" ("*Communicable,*" def.).

1785: Sa panahong ito unang naitalang ginamit ang salitang *communicable disease*. Ito ay binigyang-kahulugan bilang isang nakahahawang sakit (tulad ng *malaria* o *tuberculosis*) na naililipat sa iba sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal na nahawaan o kaya sa kanilang *bodily discharge* (tulad ng dugo o semilya), sa pamamagitan ng pagdikit sa mga kontaminadong mga bagay, paglunok ng kontaminadong pagkain o tubig, o sa direkta at di-direktang kontak sa mga *disease vectors* (tulad ng mga lamok, pulgas, o daga) ("*Communicable disease,*" def.).

Siglo 21: Binigyang-kahulugan ang terminong "*disease*" o sakit bilang anumang paglayo mula sa mabuting kalusugan o mula sa normal na pisyolohikal/sikolohikal na kakayahan. Sumasaklaw ito sa "*disorders*" o mga karamdaman ngunit hindi nito saklaw ang mga likas na penomeno tulad ng normal na panganganak, pagtanda, at iba pa. Hindi rin lang ito tungkol sa mga sintomas, tulad ng pantal, bukol, mataas na temperatura, ubo, sakit, pagduwal, o panghihina. Bagaman maaaring mga ekspresyon ito ng "*disease*"; hindi sila itinuturing na sakit hanggang wala pang sapat na pagsusuri. Sa terminolohiyang *biomedical* naman, binibigyang kahulugan ang sakit bilang "*clinical, pathological, and epidemiological criteria that enable systematic study and application.*" (White 4).

Diskurso ng Communicable Disease sa Iba't ibang Komunidad Pangwika

Tinitingnan sa bahaging ito ang lawak ng paggamit ng salitang *communicable disease* o ang pagpapakahulugan nito sa iba't ibang mga larang o komunidad pangwika.

Biyolohiya

Binigyang-kahulugan sa Biyolohiya ang *communicable disease* bilang mga karamdamang sanhi ng mga *virus* o bakterya na maaaring kumalat sa iba't ibang tao sa

pamamagitan ng mga kontaminadong gamit, *body fluids*, dugo, kagat ng mga insekto, o direkta mula sa hangin (Edemekong 1). Sa kasalukuyan, isa ito sa mga pangunahing ikinababaha sa larang ng kalusugan tulad ng *hepatitis C*, AIDS, *malaria*, at *tuberculosis* (Aderem et al. 1). Dagdag pa rito, kinakailangang ipagbigay-alam sa awtoridad ang ilan sa mga sakit na nabanggit upang masugpo ang nagbabadyang pagkalat nito sa komunidad.

Direktang nakaaapekto ang patuloy na pagtaas ng populasyon sa mga pagbabagong makikita ngayon sa kapaligiran gaya ng pagbabago ng klima, polusyon, globalisasyon, at urbanisasyon at maging ang pagtaas ng bilang ng mga nakahahawang sakit. Nagbabago naman ang estruktura ng mga *virus* dahil sa pag-usbong ng mga makabagong *pathogens* na mas pinaigting ng pagbabago ng klima (Lindahl 2).

Kalusugan

Pagdating sa kalusugan, ang salitang *communicable disease* o mga sakit na naipapasa sa iba't ibang tao ay isa sa mga pinakapinagtutuunan ng pansin ng mga tagapangalaga ng kalusugan, tulad ng mga nars at doktor. Nakapagdudulot ng masasamang epekto sa iba't ibang bahagi ng katawan ng tao ang mga nakahahawang sakit. Makahahadlang ito sa normal na paggana ng isa o higit pa sa isang sistema ng katawan, depende sa organismong nagdulot nito pati na rin sa kalubhaan nito (Sayed Hosseini et al. 2).

Sa larang ng narsing, nakapokus ang salitang *communicable disease* sa *stress* na naidudulot nito sa katawan at nakasasagabal sa isang tao sa paggawa ng mga aktibidad na nakabubuti sa kalusugan (Slavich at Auerbach 375). Ito ang dahilan kung bakit binibigyang halaga ng mga nars ang pagtuturo ng edukasyong pangkalusugan sa kanilang mga pasyente upang maiwasan at malimitahan ang masasamang epekto ng mga sakit na ito.

Makikita ang epekto sa katawan ng mga nakahahawang sakit sa teorya ni Betty Neuman na *Neuman's Systems Model* (1982). Dito, sinasabing kapag nahawahan ng sakit ang tao, nanghihina ang kaniyang resistensiya na maaaring magdulot ng mas malalang sakit o kamatayan kapag hindi naagapan (Gonzalo). Kaya naman, may tatlong level ng pangangalagang ginagawa ang mga nars. Nakapokus ang unang level sa pagbibigay ng mga dagdag kaalaman tungkol sa mga paraan ng pag-iwas na mahawahan ng sakit, tulad ng pagsusuot ng *face mask* o pagdistansiya sa mga taong may nakahahawang sakit (Famorca et al. 11). Nakapokus naman ang pangalawang level sa pagtulong ng nars sa doktor sa maagang pagtukoy sa sakit upang agad itong maagapan nang maiwasan ang paglubha nito (Ruf 227). Tumutukoy ang ikatlong level sa proseso ng rehabilitasyon ng

katawan upang makamit ang pinakamataas na posibleng kapasidad para sa pasyente (Simpson at Robinson 470).

Samantala, sa larang ng medisina, tumutukoy *communicable disease* sa *virulence* o lakas ng organismong nagdulot nito at ang kalakasan o kahinaan ng resistensiya ng isang tao (Summers et al. 743). Pokus ng medisina ang paggamot sa taong may sakit upang maiwasan ang pagkalat o paglubha nito. Kapag ang isang tao ay may nakahahawang sakit, mahalagang masuri agad siya ng doktor at maresetahan ng nararapat na gamot. Dito papasok ang kadalubhasaan ng isang doktor upang tama ang mga aksiyong gagawin sa pamamagitan na rin ng pakikipag-ugnayan sa mga mangangalaga sa pasyente.

Importanteng malaman na magkaiba ang tungkulin ng mga nars at doktor sa pamamahala ng mga may nakahahawang sakit. Kahit na pareho ang kanilang layunin, magkaiba pa rin ang implikasyon ng nasabing salita para sa dalawang larang ng kalusugan. Sa medisina, mahalaga ang *pharmacologic measures* o mga gamot na kailangang iresetang upang mapigilan ang sakit mula sa organismong nagdulot nito o para mapalakas ang iba't ibang sistema ng katawan (Kandola). Sa narsing naman, mahalaga ang mga *non-pharmacologic measures* o iyong mga kilos o aksiyong kayang gawin ng nars na hindi nangangailangan ng paggamit ng gamot, tulad ng pagtuturo ng edukasyong pangkalusugan.

Ekolohiya

Sa larang ng ekolohiya, nakaapekto ang *communicable disease* sa indibidwal na organismo, mga populasyon, komunidad at ecosystem kabilang na ang mga tao. Madalas na dulot ito ng mga parasito at *pathogen* na nakapipinsala at minsan ay nakamamatay. Ayon sa mga datos at pag-aaral, nakaiimpluwensya ang mga nakahahawang sakit sa pagdami at paglipol ng populasyon, pati na rin sa ebolusyon ng mga organismo (Kilpatrick at Altizer 55).

Marami sa *Emerging Infectious Disease (EIDs)* o mga bagong nakahahawang sakit ay *zoonotic*. Ibig sabihin nito, ang mga sakit na ito ay nagsisimula sa mga hayop at naipapasa sa mga tao. Ayon sa datos, mga 70% ng mga bagong nakahahawang sakit sa tao ay nanggagaling sa mga hayop (Jones et al. 991). Halimbawa ng mga sakit na nanggaling sa hayop ay ang E-coli, Zika, Ebola pati na rin ang SARS o Coronavirus (Haider et al. 2).

Mahalagang maunawaan ang konseptong ito sa ekolohiya dahil ito ay makatutulong sa pag-aaral at pag-alam ng daloy ng pagkalat ng mga sakit na ito. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa interaksyon ng lahat ng organismo, maaaring masugpo

ang pagkalat o paglaganap ng mga nakahahawang sakit (Kilpatrick at Altizer 55). Kung iuugnay ito sa pandemyang COVID-19, mayroon nang mga angkop na estratehiyang ginagawa para mabawasan ang paglaganap nito tulad ng pagsusuot ng *face mask*, pag-*quarantine*, *social distancing*, at pagbabakuna.

Sosyolohiya

Karaniwang makikita ang mga *communicable disease* sa mga *sedentary societies* o iyong mga lipunang naninirahan sa loob ng matagal na panahon sa iisang lugar lamang. Ito rin ang dahilan kung bakit sila ang mas naaapektuhan ng mga mikrobyong pantubig, mga dumi ng tao, mga sakit ng domestikadong hayop, kakulangan sa nutrisyon, o ang panapanahong taggutom (Little, ch. 19).

Sa isa pang pagpapakahulugan, tinalakay kung paanong hindi lamang eksklusibo sa larang ng medisina ang usapin ng mga *communicable disease* dahil nakakaapekto rin ito sa kapaligirang ginagalawan nito. Umiiral ang mga institusyong panlipunan sa tulong ng mga organisasyong panlipunan kaya ang sakit ay umiikot ay nangangailangan ng interaksyong sosyal ng maraming tao. Dagdag pa rito, inilarawan ang mga nakahahawang sakit bilang pinanggagalingan ng kawalang-katatagan o karupukan, kawalang-katiyakan, at krisis. Kapag nangyari ang mga ito, lumilitaw ang mga katangian ng panlipunan upang kumilos laban sa mga suliranin. Sa madaling salita, nagbabago ang kaayusang panlipunan kasabay ng mga biyolohikal na pagbabago (Dingwall et al. 167).

Ekonomiya

Ayon sa ekonomikong perspektiba, tumutukoy ang *communicable disease* sa mga karamdamang naiiba sa pangkaraniwang sakit sapagkat ito ay pangunahing nagdudulot ng mga *externalities* o ang pagkakaroon ng isang produkto o serbisyong lumilikha ng di inaasahang resulta. Halimbawa, sa pagkontrol ng "*communicable disease*," masasabing positibong *externalities* ang pagpapabagal ng pagkalat ng sakit sa malulusog na indibidwal. Maliban dito, nagdudulot rin ito ng pagbagsak ng kita at ng bilang ng mga mamimili sa merkado (Laxminarayan at Malani).

Ginagamit ang *Lucas Model of Endogenous Growth (1988)* upang ipakita ang interaksyon ng mga nakahahawang sakit at ekonomiya. Nakasaad dito na ang bawat isa ay maaaring mahawa, magkasakit, at mawalan ng kakayahang maghanapbuhay o makapag-ambag sa kapital o kita ng isang komunidad. Kung ito ay makaaapekto sa malaking bilang ng mga indibidwal, kalauna'y maaari itong makaaapekto sa usaping kapital (Goenka at Liu, 2).

Panunuri sa mga Simbolikal na Kahulugan ng Communicable Disease mula sa Iba't Ibang Aspektong Panlipunan

Aspektong Pampolitika

Ang korapsiyon ay isang usaping masasabi nang lumang tugtugin sa politika ng bansa. Ayon kay Batalla (74), ang *grand corruption*, o iyong pang-aabuso ng kapangyarihan para sa pansariling interes ng iilan, ay walang pinipiling sistema ng pamamahala. Makikita ito sa mga naisiwalat sa katiwalian sa pamahalaan sa nakalipas na mga dekada tulad ng *Bataan Nuclear Power Plant Scandal* noong termino ni Pangulong Ferdinand Marcos at ang *NBN-ZTE Scandal* noong termino ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Ayon sa kaniya, bagama't may mga batas na ipinanukala at may mga ahensiyang may mandatong usigin at panagutin ang mga politikong kasangkot sa mga isyung ito, patuloy na lumaganap ang korapsiyon dahil hindi nagiging epektibo ang pagpapatupad sa mandato ng mga ito. Gayundin, nawawala ang ngipin ng batas tuwing ang kalaban ay mayaman, nakaaangat sa puwesto, o hindi kaya nama'y nasusuhulan ang husgadong may hawak ng kaso. Sa nakalipas lang na dekada, matatandaan ding nasakdal at sinibak sa kaniyang puwesto ang dating punong mahistrado ng Korte Suprema na si Renato Corona dahil sa kakulangang maisama sa *Statement of Assets, Liabilities, and Net Worth (SALN)* ang kaniyang mga ari-ariang nagkakahalaga ng \$2,000,000 ("Philippine top judge"). Pumutok din ang balita ng katiwalian sa bilyong pisong alokasyon sa *Priority Development Assistance Fund (PDAF)* noong 2014 kung saan nakasuhan ng pandarambong at tuluyang pagkakulong ang tatlong senador na sina Ramon "Bong" Revilla Jr., Juan Ponce Enrile, at Jinggoy Estrada (Roxas at Bartolome). Masasabing ang korapsiyon ay isang nakahahawang sakit ng lipunan, kung paano lumaganap ang maling kagawiang ito at paano nito unti-unting kinikitil ang karapatan ng publiko sa patas na pamamahala. Paulit-ulit na lamang ang mga pangyayaring ito sa ating bansa, kung kaya't hindi na rin nakabibigla kung pati nitong panahon ng pandemya ay may mga isyung umalingawngaw tulad ng mga politikong nasangkot sa anomalya sa pamahalaan.

Isa sa pinakapinag-usapang isyu sa panahong ito ng krisis pangkalusugan ay ang pagbili ng gobyerno ng mga *face mask*, *face shield* at iba pang kagamitang medikal mula sa kompanyang Pharmally Pharmaceutical Corporation. Nakipagkontrata ang pamahalaan sa nasabing kumpanya upang mag-suplay ng mga kagamitan sa pagsugpo ng COVID-19 na umabot ng hindi hihigit sa 8.7 bilyong piso (Buan). Bagama't ang kompanya ay may maliit na kapital, walang kita, at bago pa lamang (karerehistro lamang noong 2019), nagpatuloy ang pakikipagkontrata ng pamahalaan dito. Lumabas sa mga imbestigasyon na nasasangkot din ang kompanya sa mga isyu ng pagbebenta ng kagamitang *overpriced* na may mababang kalidad at mga produktong *expired* o 'di kaya nama'y malapit nang

mag-expire. Isang halimbawa nito ang pagbili ng pamahalaan ng 400,000 COVID test kits na nagkakahalaga ng higit sa kalahating milyong hindi na rin napakinabangan dahil ang mga ito'y expired na (Gascon). Dahil sa mga ito, hindi malayong pagdudahan ang mga naging hakbang ng gobyerno. Ang perang nanggaling din sa publiko na nakalaan sana sa pagtulong sa mga taong naapektuhan ng COVID-19 at pagkontrol sa pagkalat nito ay nasayang at napunta lang sa balsa ng iilan.

Sinamantala rin ng ilang mga politiko ang panahon ng pandemya at sa ilang mga kalamidad upang isulong ang kanilang karera sa politika, inilalagay at binabalandra ang mukha nila sa lahat ng gamit mula sa mga sako ng bigas hanggang sa mga delata at bote ng tubig sa tuwing may isinasagawang relief operations. Ngayong pandemya, ipinagbawal ng Department of the Interior and Local Government (DILG) ang pangangampanya sa pamamagitan ng pagbibigay ng ayuda sa NCR Plus (Lozada). Subalit hindi pa rin maiwasan ang maraming politiko sa pagpapalapad ng papel sa publiko. Nitong Oktubre 7, 2021, ilang tarpaulin ng mga kandidato ang natagpuang nasa labas ng isang bagong bukas na mega vaccination center sa Valenzuela City. Dagdag pa rito, noong inagurasyon ng nasabing pasilidad, maraming pangalan ng kandidato ang paulit-ulit na binanggit at pinasalamatan. Ipinakilala pa ang iba bilang susunod na mga pinuno ng bayan. Maraming dumalo ang kumuwestiyon dito, kung vaccination nga ba ito o pangangampanya (Gulla). Isa lamang ito sa mga kaso ng paggamit ng mga politiko sa pandemya bilang pangangampanya na hindi dapat nangyayari. Masasabing nagmimistulang nakahahawang sakit sa mga politiko ang paggamit ng pandemya para mapabango ang kanilang mga pangalan, lalo na at paparating na muli ang panahon ng halalan, ang Eleksyon 2022. Nababahiran ng politika at pinagsasamantalahan ang krisis pangkalusugan na nararapat mabigyan ng solusyong pangmedikal.

Aspektong Pang-Ekonomiya

Ang bahaging ito ay sumasalamin sa pinansiyal na suliranin ng mga Pilipino sa panahon ng pandemya. Sa ekonomikong perspektiba, ang salitang *communicable disease* o nakahahawang sakit ay sumisimbolo sa kahirapang nararanasan ng mga Pilipinong nawalan ng trabaho dulot ng mabilis na pagkalat ng nakahahawang sakit tulad ng COVID-19 na siyang maiuugnay rin sa mabilisang paglaho ng hanapbuhay ng mga Pilipino ngayong panahon ng pandemya. Hindi lamang kalusugan at karapatan ang nadamay sa pandemyang ito sapagkat kaakibat ng mga ito ang trabahong nawala sa karamihan ng mga Pilipino na maaaring desisyong pansarili o sapilitang pagtatanggal sa mga empleyado. Ayon sa isang sarbey sa *labour force* noong 2020, na unang inilunsad ang *Enhanced Community Quarantine*, 17.6% ng mga Pilipino ang walang trabaho, ngunit kamakailan

lamang bumaba ito sa 8.8% kung saan tinatayang 4.2 milyong Pilipino ang wala pa ring trabaho hanggang sa kasalukuyan (“Philippines”). Dahil sa mga ipinatupad na *lockdown* sa bawat lugar, hindi naiwasan ang pagsasara ng mga negosyo na siyang naging sanhi sa kawalan ng trabaho ng mga mamamayan (Yu et al. 1). Gayundin, ang pagsunod sa mga patakarang inilunsad ng DOH upang maiwasan ang pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa bansa tulad ng iba’t ibang uri ng kuwentena sa komunidad, pagsunod sa *social distancing*, at pagsusuot ng *face mask* at *face shield*, at paghihigpit din sa pagpasok at paglabas ng mga tao sa mga lugar na naging dahilan upang magsara ang ibang mga negosyo katulad ng mga kainan, *hotel*, *resort*, *gym*, paaralan at iba pa. Dahil sa pangangailangan ng negatibong resulta ng *RT-PCR test* o *antigen test* na may kamahalang presyo at sa mga *checkpoint* na nagsusuri ng mga dokumento na kinakailangan bago makapasok sa lugar na pupuntahan kung kaya’t limitado ang pagbiyahe. Isa sa mga pangyayaring maiuugnay dito ay ang mahigpit na pagpasok at paglabas ng mga turista sa bayan ng Batangas kung saan kinakailangan ng *negative RT-PCR test* bukod sa *vaccination card* upang makapunta sa ilang mga *resort* na mayroon sa lalawigan (Department of Tourism Administrative Order no, 2021-004 1-18). Ang mga pangyayaring ito ay siya ring naging dahilan upang mawalan ng trabaho ang ilang mga Pilipino na umaaray na ngayon sa kahirapan ng buhay.

Sa isang balita noong ika-21 ng Enero 2022, sinasabing may ilang mga negosyong pansamantalang nagsara dahil sa pandemya katulad na lamang ng Manila Shangri-la Hotel. Gayundin, ayon din dito, tinatayang 290,767 bilang ng manggagawa mula sa mga kumpanyang may kinalaman sa *food* at *accommodation business* ang natigil dahil sa pagsasara nito (ABS-CBN News). May ilang mga establisyemento pa rin ang bukas hanggang ngayon dahil sa maluwag na estado ng kuwentena o *lockdown protocols* sa ibang lugar, ngunit nasa limitadong kapasidad lamang ang pagtanggap sa mga tao (“Libo-libong empleyado”). Makikita na ang “nakahahawang sakit” na COVID-19 ay tiyak na nagkaroon ng epekto sa trabaho ng mga Pilipino at nakaapekto rin sa kanilang pinansiyal na pangangailangan. Dahil sa pandemyang nararanasan sa kasalukuyan, nahawaan ang problemang pang-ekonomiya ng bansa lalo na ang bilang ng mga ordinaryong Pilipinong nangangailangan ng trabaho.

Bukod dito, dahil sa kahirapang nararanasan, may mga taong nagtayo ng kani-kanilang negosyo gamit ang *social media* at iba pang aplikasyong nakatulong upang sila ay kumita. Ayon sa Department of Trade and Industry (DTI), umakyat sa 4 na porsiyento ang itinaas na bilang ng mga rehistradong negosyong online simula noong nagkaroon ng *lockdown* dahil sa pandemyang kinahaharap ngayon (Ramos). Kung susuriin, maraming nakahahawang epekto ang pandemyang ito sa ekonomiya ng bansa lalo na sa kabuhayan

ng mga Pilipino, ngunit sa pamamagitan ng paggamit ng iba pang pamamaraan upang kumita ay patuloy na namumuhay ang mga Pilipinong nakikipagsapalaran sa kahirapang dulot ng pandemya.

Aspektong Pang-Sosyolohiya

Sa usaping sosyolohiya, ang salitang *communicable disease* ay sumisimbolo sa diskriminasyong nakukuha ng mga mamamayang mayroon nito, pati na rin ng mga tagapangalaga ng kalusugan at iba pang mga *frontline health workers*. Ang diskriminasyong ito ay nagmumula sa takot ng mga tao sa nasabing sakit (World Health Organization 1). Marami ang nakapag-iisip ng negatibo sa mga mayroong COVID-19 sapagkat sila ay natatakot mahawa. Subalit sa panahon ngayon, hindi lamang sa simpleng diskriminasyon natatapos ang usapan, sapagkat mayroon ding mga pagkakataon na umaabot sa karahasan ang galit at takot ng ibang tao.

Noong nagsisimula pa lang ang pandemya noong Marso, 2020, mayroong kumalat na balita tungkol sa pagbuhos ng *bleach* ng limang indibidwal sa mukha ng isang *utility worker* ng St. Louis Hospital sa Sultan Kudarat (“After bleach”). Bukod dito, isa ring pangyayari noong Abril 3, 2020 sa probinsya ng Quezon ay ang pagbaril ng isang residente sa isang ambulance driver matapos itong maghatid ng *medical personnel* sa kadahilangang inaakusahan nito ang driver sa paglalagay sa panganib ng mga tao sa kanilang komunidad. Isa rin sa mga pinakapinag-usapang balita maging sa telebisyon o *social media* ay ang pagpapaalis ng mga *landlords* sa mga nangungupahang *health workers* at ang pagtanggap ng mga restawran, *supermarkets*, at ilang pampublikong transportasyon sa mga *healthcare workers* sa takot na mahawa ng COVID-19 (“COVID-19 and the Discrimination”). Sa mga pangyayaring tulad ng mga nabanggit, makikita na hindi lamang ang mismong sakit na COVID-19 ang naging laganap, kundi pati na rin ang diskriminasyon sa mga taong mayroon nito at sa mga *healthcare workers* na sinasakripisyo ang sariling kaligtasan para sa ibang tao. Dahil rin sa mga pangyayaring ito, inaprubahan ang *House Bill No. 6817* o ang “COVID-19-Related Anti-Discrimination Act” para mabawasan o matanggal ang diskriminasyon laban sa mga “*confirmed, suspected, or deemed probable cases*” ng COVID-19 (Mercado).

Aspektong Pang-Midya

Simula nang pumutok ang balita tungkol sa COVID-19 noong Enero ng 2020, naging talamak ang pagkalat ng iba’t ibang maling mga impormasyon tungkol dito. Ito ay kadalasang makikita sa iba’t ibang *social media platforms* kung saan ang mga sabi-sabi o haka-haka ay mabilis na nag-*trending* o kumalat nang walang sapat na sanggunian. Maihahalintulad ito sa *communicable disease* dahil marami ang nabibiktima nito lalo na sa mga gumagamit *social media*. Isa sa mga rason kung bakit maraming tao ang nahuhulog

sa patibong na ito ay ang kakulangan sa oras ng mga mambabasa upang unawain at magsaliksik tungkol sa paksa (Bago et al. 1608). Ikalawa, kapag paulit-ulit nang nakikita ng isang indibidwal ang partikular na impormasyon, nagmimistula itong mas makatotohanan at pamilyar (Pennycook et al. 1865). Panghuli, kadalasan kapag mayroong bagong natuklasang impormasyon ang isang tao, ibinabahagi niya agad ito sa iba nang hindi sinisiguro o sinusuri kung ito ay tama o mali (Vosoughi et al. 1146).

Sa kasalukuyan, kabilang pa rin ang paksa ng mga bakuna laban sa COVID-19 sa mga usapin ng *fake news* sa bansa. Tampok sa iba't ibang diskusyon ang pagkakaroon ng mistulang microchip upang subaybayan at kontrolin daw diumano ang mga mamamayan ng gobyerno. Itinanggi ito ng CDC at binigyang-linaw na ang layunin ng gamot ay ang pagkakaroon ng *antibodies* sa katawan bilang proteksyon. Ikalawa, nagdudulot raw ng COVID-19 ang bakuna. Muli, maling impormasyon lamang ito, sapagkat ang pagkakaroon ng *side effect* tulad ng lagnat ay senyales lamang na ang katawan ay bumubuo ng proteksiyon laban sa *virus*. At ikatlo, maaari daw makapagbago ng DNA at gawing *zombie* ang mga tao ("*Myths and Facts*"). Walang kakayahan ang bakunang gawin ang alinman sa mga maling kuro-kurong nabanggit. Tulad ng nakahahawang sakit, mapanganib din ang hindi pagpapabakuna ng maraming Pilipino na epekto ng pangamba at takot mula sa paglaganap ng mga *fake news* tungkol dito.

Dahil sa pandemya, kinakailangang manatili ng mga tao sa kanilang mga tahanan, naghahanap sila ng mapaglilibangan kaya sumasabay sila sa mga nauusong *trend* sa iba't ibang *social media platforms*. Ilan sa mga pumatok na *trend* ngayong pandemya ay: (1) ang mga *TikTok challenges* tulad ng *#talagachallenge*, *#catriona*, *#marikidancechallenge*, at iba pa (BMPLUS); (2) ang pagdami ng mga gumagamit ng Netflix ngayong pandemya para sa panonood ng mga teleserye o pelikula (Chapman at France-Presse); at (3) ang pagkalat ng konseptong "*budol purchase*" sa tuwing namimili *online* (Arnaldo). Tulad ng pagkalat ng nakahahawang sakit, kumakalat rin ang mga *trend* na ito sa iba't ibang sulok ng bansa. Nahahawa ang mga tao sa ginagawa ng iba batay sa kanilang nakikita sa *social media*.

Panghuli, dahil inaakalang may maraming libreng oras ang mga tao dahil nasa kani-kanilang mga bahay lamang sila, ineengganyo silang maging produktibo kahit nasa gitna sila ng pandemya. Maaari itong ituring bilang motibasyon, ngunit para sa iba, nakadaragdag lamang ito ng *pressure* at nakapagdudulot pa ng pagkabalisa o *anxiety* (Locke). Dahil sa *social media*, makikita ang mga nararating o nagagawa ng mga tao kahit na may pandemya kung kaya't maaaring ganahan o mapresyur ang ibang gumawa rin ng makabuluhang bagay. Ilan sa mga pinagkakaabalahan ngayon ay: (1) ang pagluluto o pag-*bake* na pinagkakakitaan ng iba; (2) pag-eehersisyo sa loob ng bahay; at (3) ang

pagdidisenyo ng sarili nilang mga tahanan (Radovan). Nahahawa ang mga tao na gawin din kung ano ang ginagawa ng iba dahil sa nakikita nila sa *social media*.

Konklusyon

Ang terminong *communicable disease* o nakahahawang sakit ay nahahati sa dalawang salita: *communicable*/nakahahawa at *disease*/sakit. Matapos ang pagkonsulta sa diksyonaryo ng mga kahulugan nito, masasabi na ang nakahahawang sakit ay madalas ginagamit sa aspektong medikal bilang pantukoy sa mga sakit na naipapasa at maaaring makuha sa pamamagitan ng direkta, di-direktang paraan, at mga *vectors* tulad ng mga insekto. Nagbabago ang pagkalat nito depende sa sakit at maaaring magmula sa nahawahang tao, hayop, o bagay. Bukod sa pagtunton ng kahulugan nito, tinignan din ng mga mananaliksik ang etimolohiya o ang pagbabago ng salitang *communicable disease* mula sa unang paggamit sa salita noong ika-5 Siglo BC, hanggang sa kasulukuyang panahon upang maunawaan ang pagbabago ng pagpapakahulugan dito. Makikita sa etimolohiya na datapuwa't kinikilala na noong simula pa ng pagbuo ng pundasyon ng makabagong medisina ang terminong ito, tuluyang nagbabago at lumalawak pa rin hanggang ngayon ang mga kahulugan nito.

Hindi limitado sa karaniwang depinisyon na alam ng nakararami ang kahulugan ng *communicable disease*.

Batay sa mga datos na sinuri, natuklasan ng mga mananaliksik na bukod sa kalusugan, marami pang aspekto sa buhay ng isang tao ang naaapektuhan ng nakahahawang sakit. Ito ay may epekto rin sa kaniyang pananaw at sa mundong ginagalawan tulad ng mga sitwasyong may kaugnayan sa usaping pampolitika, pang-ekonomiya, pang-sosyolohiya, at pang-midya. Higit pa rito, napagtuunan din ng pansin ang iba't ibang salik na may ambag sa patuloy na paglaganap ng mga nakahahawang sakit sa bansa, tulad na lamang ng hindi pantay-pantay na oportunidad sa pagkamit ng serbisyong medikal, laganap na diskriminasyon at kawalan ng hustisya, mapagsamantalang kondisyon sa pagtatrabaho, lumalaking diperensya sa ekonomiya, at ang mga prosesong taliwas sa demokrasya na lumalabag sa mga karapatang sibil at pantao. Ang mga salik na ito ay higit na nagpahirap sa karanasan ng mga apektado ng COVID-19, at dahil dito, nabigyang liwanag ang importansiya ng pagtugon sa mga salik na ito upang mapabuti ang kalusugan ng publiko. Dito rin pumapasok ang kahalagahan ng pananaliksik sa pagbibigay ng wastong impormasyon ukol sa mga nakahahawang sakit, at sa pagtaguyod ng tamang pag-uugali patungo sa pag-iwas at pagkontrol nito sa pamamagitan ng kaalaman sa kalusugan.

Malaki ang maiaambag ng pananaliksik sa disiplina ng narsing. Hindi maipagkakaila kung gaano kahalaga ang makabuluhang pag-unawa sa salitang *communicable disease* sa larang na ito dahil hindi lamang pagpapagaling ng sakit ang sakop ng responsibilidad ng isang nars. Bahagi ng matagumpay na pag-aalaga ng pasyente ang isaalang-alang ang kaniyang pinanggalingan, sosyo-ekonomikong estado, mga paniniwala, at kultura. Mainam na matutugunan ang mga pangangailangan ng pasyente kapag masusing sinusuri ang mga aspektong ito maliban sa pisikal na kalagayan niya sapagkat napagtatanto kung paano naapektuhan ng sakit ang kaniyang buhay na maaaring magdulot ng lalong paglala ng kaniyang kalusugan. Sa pampublikong kalusugan naman, maaaring makatulong ang pag-aaral ng mga salik na ito sa pagsusuri ng pagtaas ng kaso ng mga nakahahawang sakit sa isang komunidad at maaaring maging pundasyon ng pagbuo ng mga programang may kinalaman sa kalusugan ng iba't ibang populasyon.

Nagampanan din ng pag-aaral na ito ang pag-ambag sa elaborasyon ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagpapalawak ng pag-unawa sa terminolohiyang nakahahawang sakit o *communicable disease*. Dahil sa pag-uugnay sa konseptong pang-agham sa isyung panlipunan ngayong pandemya, nabigyan ng simbolohikal na pagpapakahulugan ang salita batay sa karanasan ng mga Filipino. Ang paglaganap ng *communicable disease* ay maaaring isang talinghaga sa paglala ng korapsiyon sa pamahalaan, pagdami ng mga nawawalan ng trabaho, pagtaas ng diskriminasyon, at pagpapahayag ng maling impormasyon tungkol sa COVID-19 at bakuna. Kapansin-pansin na hindi lamang pala sakit sa biyolohikal na depinisyon ang lagapan sa Pilipinas kundi kaakibat nito ang mga problemang kinakaharap ng bansa.

Rekomendasyon

Isang malawak na larang ang narsing na nakatuon sa pangangalaga ng mga indibidwal, pamilya, grupo, o komunidad. Kabilang dito ang pagtataguyod ng kalusugan, pag-iwas sa sakit, at pag-aalaga sa mga taong nakararanas ng karamdaman. Bilang isang malawak at teknikal na larang, mahalagang magsagawa pa ng mga pananaliksik tungkol sa wika upang madagdagan ang kaalaman sa kahulugan ng mga terminong pang-narsing o medisina. Ang pagsasagawa ng mga pananaliksik tungkol sa nabanggit ay higit na makatutulong sa mga Pilipino at mga ordinaryong mamamayan sapagkat sila'y magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa kanilang kalusugan. Ito rin ay isang paraan upang labanan ang mga *fake news* at *misconceptions*, o mga maling kuro-kuro ukol sa kalusugan.

- Aderem, Alan et al. "A systems biology approach to infectious disease research: innovating the pathogen-host research paradigm." *mBio* vol. 2. 1 Mar. 2011, pp. 1-4, doi:10.1128/mBio.00325-10.
- "After bleach thrown at personnel's face, Sultan Kudarat hospital condemns discrimination," *Rappler*, 28 March 2020, <https://www.rappler.com/nation/bleach-utility-worker-face-sultan-kudarat-hospital-condemns-discrimination> .
- Aro, Andrea. "Cash Distribution to seniors turns into a superspreader event" *Manila Bulletin*, <https://mb.com.ph/2021/09/28/cash-distribution-to-seniors-turns-into-a-superspreader-event/> .
- Arnaldo, Ma. Stella. "Help! 'Nabudol Na Naman Ako!' | Ma. Stella F. Arnaldo." *BusinessMirror*, 11 June 2021, <https://businessmirror.com.ph/2021/06/11/help-nabudol-na-naman-ako/> .
- Bago, Bence et al. "Fake news, fast and slow: Deliberation reduces belief in false (but not true) news headlines." *Journal of experimental psychology*, vol. 149, 9 Jan 2020, pp. 1608-1613. doi:10.1037/xge0000729.
- Batalla, Eric V.C. "Grand corruption scandals in the Philippines." *Public Administration and Policy: An Asia-Pacific Journal*. Vol. 23 No. 1, pp. 73-86. <https://doi.org/10.1108/PAP-11-2019-0036>.
- Bauman, Robert W., et al. *Microbiology: With Diseases by Body System*. Pearson Education, Inc., 2018.
- BMPLUS. "GONE VIRAL | Remember These Tiktok #Challenges That Hit over 1B Views? | BMPlus." *BusinessMirror*, 10 Sept. 2020, <https://businessmirror.com.ph/2020/09/10/gone-viral-remember-these-tiktok-challenges-that-hit-over-1b-views/> .
- Buan, Lian. "Pharmally Had P625,000 Capital Before Bagging P8 Billion In COVID-19 Contracts." *Rappler*, 30 August 2021, <https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/pharmally-pharmaceutical-corporation-capital-billion-covid-contracts/> .
- Chapman, Glenn and Agence France-Presse. "Netflix Keeps Growing in Pandemic, Tops 200 Million Subscribers." *ABS-CBN News*, 20 Jan. 2021, <https://news.abs-cbn.com/business/01/20/21/netflix-keeps-growing-in-pandemic-tops-200-million-subscribers> .
- Coombs W. Timothy and Sherry J Holladay. *The Handbook of Crisis Communication*. 1st pbk. ed. Wiley-Blackwell 2012.
- "Communicable, Adj." *Online Etymology Dictionary*, <https://www.etymonline.com/word/communicable> .
- "Communicable disease, N." *Merriam-Webster*, <https://www.merriam-webster.com/dictionary/communicable%20disease>
- "Covid-19 and the Discrimination of Medical Personnel in the Philippines." *Italian Institute for International Political Studies*, 24 June 2021, <https://www.ispionline.it/en/publicazione/covid-19-and-discrimination-medical-personnel-philippines-25725>
- Department of Tourism. "Updated Guidelines on the operations of hotels and other accommodation establishments under a community quarantine, 12 May 2021, <https://www.officialgazette.gov.ph/downloads/2021/05may/20210512-DOT-AO-2021-004-RRD.pdf>
- Dingwall, Robert, et al. "Introduction: Why a Sociology of Pandemics?" *Sociology of Health & Illness*, vol. 35, no. 2, 2013, pp. 167-173, doi: 10.1111/1467-9566.12019 .
- "Disease, N." *Online Etymology Dictionary*, <https://www.etymonline.com/word/disease>.
- Domingo, Efen. "Wikang Filipino at Kasaysayan sa Panahon ng Pandemya: Ang Pagdiriwang ng Buwan ng Wika sa Panahon ng Ligalig." *Manila Today*, 12 August 2020, <https://manilatoday.net/wikang-filipino-at-kasaysayan-sa-panahon-ng-pandemya-ang-pagdiriwang-ng-buwan-ng-wika-sa-panahong-ligalig/> .

- “Early Concepts of Disease.” *A Brief History of Public Health*, Office of Teaching & Digital Learning, Boston University School of Public Health. <https://sphweb.bumc.bu.edu/otlt/mph-modules/ph/publichealthhistory/publichealthhistory2.html>
- Edemekong, Peter and Ben Huang. “Epidemiology Of Prevention Of Communicable Diseases.” *StatPearls*, StatPearls Publishing, 23 July 2021. <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/books/NBK470303/>.
- “Emerging and Re-Emerging Infectious Disease Program.” *Department of Health*, 4 Dec. 2017, <https://doh.gov.ph/emerging-and-re-emerging-infectious-disease-program>
- Famorca, Zenaida U., et al. *Nursing Care of the Community*. Elsevier, 2013.
- Gascon, Melvin. “P550 Million Lost In Expired COVID-19 Test Kits From Pharmally.” *Inquirer*, 22 September 2021, <https://newsinfo.inquirer.net/1491099/p550m-lost-in-expired-test-kits-from-pharmally>
- Goenka, Aditya and Lin Liu. Infectious diseases, human capital, and economic growth. *Economic Theory*, vol. 70, 4 July 2019, pp. 1–47. doi: <https://doi.org/10.1007/s00199-019-01214-7>.
- Good Public Health Practice Framework Short Guide 2016. *Faculty of Public Health*, 2016, https://www.fph.org.uk/media/1305/short-guide_good-public-health-practice_april-2016pdf.
- Gonzalo, Angelo. “Betty Neuman: Neuman Systems Model.” *Nurselabs*, 05 March 2021, <https://nurseslabs.com/betty-neuman-systems-model-nursing-theory/>
- Gulla, Vivienne. ABS-CBN News. “‘Vaccination Or Campaign?’: Inoculation Site Launch Criticized.” *ABS-CBN News*, 7 October 2021, <https://news.abs-cbn.com/news/10/07/21/vaccination-or-campaign-inoculation-site-launch-criticized>.
- Haider, Najmul, et al. “COVID-19—Zoonosis or Emerging Infectious Disease?” *Frontiers in Public Health*, vol. 8, 2020. Crossref, doi:10.3389/fpubh.2020.596944.
- Jones, Kate E., et al. “Global Trends in Emerging Infectious Diseases.” *Nature*, vol. 451, no. 7181, 2008, pp. 990–93. Crossref, doi:10.1038/nature06536.
- Kandola, Aaron. “Everything You Need to Know About Communicable Diseases.” *Medical News Today*, 9 May 2022, <https://www.medicalnewstoday.com/articles/communicable-diseases>.
- Keane, Miller, at Marie T. O’Toole. *Miller-Keane Encyclopedia & Dictionary of Medicine, Nursing & Allied Health*. 7th ed., Saunders, 2003.
- Kilpatrick, A., at S. Altizer. “Disease Ecology.” *Nature Education Knowledge*, vol. 3, no. 10, 2010, p. 55.
- Krzysztofik, Małgorzata. “The Image of Disease in Religious, Medical-Astrological and Social Discourses: Old Polish Literature as an Example of Early Modern European Mentality.” *Journal of religion and health*, 1–10. 24 Jun. 2020, doi:10.1007/s10943-020-01056-x.
- Laxminarayan, Ramanan and Anup Malani “Economics of Infectious Diseases” *The Oxford Handbook of Health Economics*, 18 September 2012. <https://www.oxfordhandbooks.com/view/10.1093/oxfordhb/9780199238828.001.0001/oxfordhb-9780199238828-e-9>.
- “Libo-libong empleyado apektado ng mga nagsasarang negosyo: DOLE.” *ABS CBN News*, 21 Jan 2021, <https://news.abs-cbn.com/business/01/21/21/libo-libong-empleyado-apektado-ng-mga-nagsasarang-negosyo-dole>.
- Lindahl, Johanna and Delia Grace. “The consequences of human actions on risks for infectious diseases: a review.” *Infection ecology & epidemiology* vol. 5. 27 Nov. 2015. pp. 1–12, doi:10.3402/iee.v5.30048.
- Little, William. *Introduction to Sociology*. 2nd ed., BCcampus, 2016. <https://opentextbc.ca/introductiontosociology2ndedition/>.

- Locke, Taylor. "How to Deal with Productivity-Related Anxiety during the COVID-19 Pandemic, According to Experts." *CNBC*, 12 Jan. 2021, www.cnn.com/2020/03/23/how-to-deal-with-productivity-related-anxiety-during-covid-19.html.
- Lozada, Bong. "DILG Warns Politicians Vs Using COVID-19 Aid For Political Purposes." *Inquirer*, 3 April 2021, <https://newsinfo.inquirer.net/1414434/dilg-warns-politicians-vs-using-covid-19-aid-for-political-purposes>.
- Lubiano, Art. "DILG probes Camotes beach party hosted by Cebu execs." *Rappler*, <https://www.rappler.com/nation/dilg-probes-camotes-beach-party-hosted-by-cebu-execs>.
- Martin, Paul M.V., at Estelle Martin-Granel. "2,500-Year Evolution of the Term Epidemic." *Emerging Infectious Diseases*, vol. 12, no. 6, 2006, pp. 976–980., <https://doi.org/10.3201/eid1206.051263>.
- Mercado, Niel Arwin. "House Approves Bill Prohibiting COVID-related discrimination" *Inquirer.net*, 2 June, 2020, <https://newsinfo.inquirer.net/1285235/house-approves-bill-prohibiting-covid-related-discrimination>.
- "Myths and Facts about COVID-19 Vaccines." *Centers for Disease Control and Prevention*, 4 October 2021, <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/facts.html>
- "Nakahahawa." *Diksiyonaryo*, diksiyonaryo.ph/search/nakahahawa
- "Nursing Definitions." *ICN*, <https://www.icn.ch/nursing-policy/nursing-definitions>.
- Pennycook, Gordon et al. "Prior exposure increases perceived accuracy of fake news." *Journal of experimental psychology*, vol. 147, 24 Sept 2018, pp. 1865-1880. doi:10.1037/xge0000465
- "Philippine top judge Renato Corona faces sack for corruption." *News. BBC*, 29 May 2012, <https://www.bbc.com/news/world-asia-18249759>. Accessed 8 October 2021.
- "Philippines: Workers face unemployment and militarist interference in democratic space during COVID-19." *Business and Human Rights Resource Centre*, 04 May 2021, <https://www.business-humanrights.org/en/latest-news/philippines-workers-face-unemployment-and-militarist-interference-in-democratic-space-during-covid-19/>.
- Radovan, Jill. "Home Buddies: Inspiring Filipinos to Create Better Homes, One Post at a Time." *Rappler*, 22 Apr. 2021, www.rappler.com/life-and-style/style/nobi-home-create-better-homes-one-post-at-time.
- Ramos, Christia Marie. "DTI sees 4K percent rise in online businesses during virus lockdown." *Inquirer*, 03 Sept. 2020, <https://business.inquirer.net/306480/dti-sees-4k-percent-rise-in-online-businesses-during-virus-lockdown>.
- Roxas, Joseph Tristan and Jessica Bartolome. "The Bong Revilla Plunder Case." *GMA Network*, 7 December 2018, <https://www.gmanetwork.com/news/specials/content/27/the-bong-revilla-plunder-case-a-timeline/>.
- Ruf, Michael. "Early Diagnosis Is Important." *Deutsches Arzteblatt International* vol. 118,13 (2021): 227. doi:10.3238/arztebl.m2021.0122.
- "Sakit - Diksiyonaryo." *Diksiyonaryo*, diksiyonaryo.ph/search/sakit. Accessed 28 Sept. 2021.
- Slavich, George, at Randy Auerbach. "Stress and its Sequelae: Depression, Suicide, Inflammation, and Physical Illness." *APA Handbook of Psychopathology: Psychopathology: Understanding, Assessing, and Treating Adult Mental Disorders*, Edited by Butcher & Hooley, American Psychological Association, 2018, pp. 375-402.
- Shang, Yunfeng, et al. "Effects of Pandemic Outbreak on Economies: Evidence From Business History Context." *Frontiers in Public Health*, vol. 1, 12 March 2021, pp. 1-146, Doi: <https://doi.org/10.3389/fpubh.2021.632043>.

- Simpson, Robert, at Larry Robinson. "Rehabilitation After Critical Illness in People With COVID-19 Infection." *American Journal of Physical Medicine & Rehabilitation* vol. 99,6 (2020): 470-474. doi:10.1097/PHM.0000000000001443.
- "Social Determinants of Health," *World Health Organization*. 1 April 2021 <https://www.who.int/westernpacific/health-topics/social-determinants-of-health>. Accessed 27 September 2021.
- Spradley, Tyler. "Crisis Communication in Organizations." *The International Encyclopedia of Organizational Communications*, edited by Craig R. Scott and Laurie K. Lewis, John Wiley and Sons, Inc., 2017.
- Summers, Alexander et al. "Important Role of Family Physicians in Reporting Communicable Diseases: Outbreak of Hepatitis A in a Kindergarten Class." *Canadian Family Physician Medecin de Famille Canadien* vol. 64,10 (2018): 742-743.
- "The History of 'Disease.'" *Merriam-Webster*, <https://www.merriam-webster.com/words-at-play/word-history-of-disease>. Accessed 27 September 2021.
- Torres-Yu, Rosario. "Tungo sa Pagbuo ng Filipinong Diskursong Pangkalinangan." *Ang Wikang Filipino sa Loob at Labas ng Akademya't Bansa: Unang Sourcebook ng Sangfil*, 1994-2001, 2003, p. 244-253.
- Vosoughi, Soroush et al. "The spread of true and false news online." *Science* (New York, N.Y.) vol. 359, 9 March 2018, pp. 1146-1151. doi:10.1126/science.aap9559.
- World Health Organization. "Social Stigma associated with COVID-19," 24 February 2020, <https://www.who.int/docs/default-source/coronaviruse/covid19-stigma-guide.pdf>
- White, Franklin. "Application of Disease Etiology and Natural History to Prevention in Primary Health Care: A Discourse." *Medical Principles and Practice*, vol. 29, no. 6, 2020, pp. 501-513., <https://doi.org/10.1159/000508718>.
- Yu et. al. "The Economic Impact of Lockdowns: A Persistent Inoperability Input-Output Approach". *Economics*, 09 December 2020, pp. 1-14. doi:10.3390/economics8040109.

TUNGKOL SA MGA AWTOR

Escal, Shanaine Neve A. (main author)

Si Shanaine Neve A. Escal ay kasalukuyang isang estudyanteng nasa ikatlong taon mula sa Kolehiyo ng Nursing sa Unibersidad ng Santo Tomas. Siya ay kasama sa Dean's Lister sa magkakasunod na semestre simula pa noong unang taon sa kurso. Nagtapos siya ng kanyang Senior High School sa parehong unibersidad sa programang STEM. Nais niyang palaguin ang kanyang kaalaman at kasanayan sa iba't ibang aspeto ng buhay kung kaya't siya ay miyembro at tagapaghawak ng posisyon sa ilang mga organisasyon sa labas at loob ng unibersidad. Miyembro siya ng CFC Youth for Christ ng Silang at CFC Youth for Christ UST, at UST Central Student Council sa ilalim ng Project Evaluations and Documentations Committee. Isa rin siyang Executive Coordinator ng Auditor sa Nursing Central Board of Students at Documentations and Logistics Head ng Streets to Schools Calabarzon. Sumali rin siya sa isang online exchange program na inorganisa ng School of Nursing ng The Hong Kong Polytechnic University na tumagal nang tatlong araw.

Dimasacat, Jeremiah Victoria T.

Si Jeremiah Victoria T. Dimasacat ay kasalukuyang nasa mag-aaral mula sa University of Santo Tomas kung saan kinukuha niya ang kursong Bachelor of Science in Nursing. Gayundin, siya ay nasa ikatlong taon ng pag-aaral kung saan isa rin siyang consistent Dean's Lister mula sa nasabing kolehiyo. Siya ay aktibong miyembro ng Streets to Schools - Main isang non-government youth organization na naglalayong tulungan ang mga bata sa iba't ibang parte ng Pilipinas na makamit ang magandang kalidad ng edukasyon gayundin ang tulungan silang mamulat sa kanilang karapatan bilang isang bata. Isa siya sa mga Stakeholder and Engagements Officer ng nabanggit na organisasyon at head coordinator naman ng Calabarzon branch nito. Bukod dito, siya ay aktibo rin sa iba pang organisasyon sa loob ng unibersidad katulad ng Pax Romana Nursing Unit, UST Marian Evangelization Community kung saan siya ay External Vice President ng nasabing organisasyon. Layunin niya na maging isang rehistradong nars at makapag lathala ng iba't ibang pananaliksik na makatutulong sa pagpapaunlad ng kaalaman sa kalusugan sa hinaharap. Nakapagtapos siya ng Senior High School GAS Health Allied Strand noong 2019 mula rin sa parehong unibersidad.

Din, Jeffrey Louis V.

Si Jeffrey Louis V. Din ay nasa kanyang ikatlong taon sa Kolehiyo ng Nursing, Unibersidad de Santo Tomas, kung saan siya kasalukuyang kumukuha ng kursong Bachelor of Science in Nursing. Nagtapos siya ng sekondaryang edukasyon nang With High Honors sa ilalim ng Accountancy, Business, and Management (ABM) strand sa Mataas na Paaralan ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas - Sta. Mesa. Mula nang tumapak sa kolehiyo, napabilang na siya sa Dean's List sa bawat semestrenag nagdaan. Ngayon, siya ay miyembro ng UST Nursing Central Board of Students sa ilalim ng Technicals and Talents Committee at kasalukuyan ding naninilbihan bilang Executive Assistant to the News Editor ng UST The Nursing Journal, ang Opisyal na Publikasyong Pang-mag-aaral ng kolehiyo. Sinisikap niya ngayong magtapos nang may karangalan sa narsing ng UST at maging ganap na rehistradong nars matapos ipasa ang licensure exams.

Domingo, Chelsea Angela M.

Si Chelsea Angela M. Domingo ay isang mag aaral na kasalukuyang nasa ikatlong taon ng kaniyang kursong Bachelor of Science in Nursing sa Unibersidad ng Santo Tomas. Siya ay miyembro ng ilang organisasyon sa unibersidad tulad ng UST Nursing Central Board of Students sa ilalim ng Student Assistance and Development Committee at UST Volunteers for Unicef. Nakapagtapos siya ng Senior High School – STEM strand noong 2019 mula rin sa parehong unibersidad.

Dumayag, Aleyah Zoe Hannah R.

Si Aleyah Zoe Hannah R. Dumayag ay isang 3rd year Nursing student mula sa Unibersidad ng Santo Tomas College of Nursing, kung saan siya ay isang consistent Dean's lister mula 1st year hanggang 3rd year ng kolehiyo. Nagtapos siya ng senior high school mula rin sa parehong unibersidad sa ilalim ng Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) strand at nagtapos naman ng junior high school sa Darwin International School sa Bulacan. Siya ay isang miyembro ng ilang organisasyon sa UST tulad ng UST Volunteers for UNICEF at sa Nursing Unit ng UST Red Cross Youth Council. Isa rin siyang co-head ng External Affairs committee ng Streets to Schools Central Luzon, isang inisyatiba ng mga kabataang aktibong nagsusulong ng mga karapatan ng mga bata upang makamit nila ang de-kalidad na edukasyon. Layunin niyang makapagtapos ng narsing at ituloy ang pag-aaral ng medisina sa Faculty of Medicine and Surgery sa UST.

Dural, Chelsea A.

Si Chelsea A. Dural ay kasalukuyang isang 3rd year student mula sa UST College of Nursing. Siya ay isang consistent dean's lister at miyembro ng Medical Missions Incorporated - UST MMI. Nagtapos siya ng senior high school bilang isang honor student sa ilalim ng Science, Technology, Engineering, Mathematics (STEM) strand sa De La Salle Lipa. Ngayon ay minimithi niyang makapagtapos ng narsing, maging rehistradong nars at makapasok sa UST Faculty of Medicine and Surgery.

Duran, Jonathan Josh H.

Si Jonathan Josh H. Duran ay isang 3rd year student mula sa Unibersidad ng Santo Tomas na kumukuha ng kursong Nursing kung saan siya ay Dean's lister mula noong 1st year. Siya rin ay miyembro ng Nursing Unit ng UST Red Cross Youth Council. Ginawaran siya ng parangal para sa Retorika ng Antonio Montemayor Anievas Foundation Inc. noong 2013. Nakapagtapos siya ng mataas na paaralan sa ilalim ng programang Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) noong 2019 na may honors sa La Salle Green Hills. Ngayon ang kanyang layunin ay maging isang rehistradong nars at magpatuloy sa kanyang pag-aaral upang maging isang ganap na manggagamot.

Durana, Mary Martie L.

Si Mary Martie L. Durana ay kasalukuyang tinatapos ang kanyang Bachelor of Science in Nursing sa University of Santo Tomas. Mula noong first year college S.Y. 2019-2020 hanggang sa kasalukuyang taon na ito siya ay Dean's lister. Nagtapos siya ng kanyang Senior High School Health Allied na may Honors sa nasabing unibersidad. Adbokasiya niyang makaambag sa kanyang napiling propesyong nars sa pamamagitan ng pananaliksik. Isa rin siyang Executive Assistant to the Layout Artist ng UST The Nursing Journal, ang Opisyal na Publikasyong Pangmag-aaral ng UST College of Nursing.

Elazegui, Justine Denyll P.

Si Justine Denyll P. Elazegui ay isang estudyanteng kasalukuyang nasa ikatlong taon ng kolehiyo. Siya ay nag-aaral sa Kolehiyo ng Narsing ng Unibersidad ng Santo Tomas, Manila, kung saan siya ay isang consistent dean's lister. Nagtapos siya ng hayskul na may gawad akademiko mula sa Mataas na Paaralang Rural ng Unibersidad ng Pilipinas, Los Baños noong 2019 sa ilalim ng Science, Technology, Engineering, Agriculture, and Mathematics strand. Sa kasalukuyan, siya ay isang aktibong miyembro ng Streets to Schools - Calabarzon, isang organisasyong nag-aadbokasya para sa dekalidad na edukasyon para sa mga kabataan.

Empaynado, Rhon Silhouette Lousse G.

Si Rhon Silhouette Lousse G. Empaynado ay isang estudyante mula sa Unibersidad ng Santo Tomas, Kolehiyo ng Narsing. Siya ay nasa ikatlong taon ng kolehiyo, kung saan siya ay isang consistent dean's lister at miyembro ng Medical Missions Incorporated - UST MMI. Nagtapos siya ng programang Science, Technology, Engineering, and Mathematics (STEM) sa University of Perpetual Help System DALTA - Las Piñas, nang may High Honors.